# **CHRISTMAS CURRICULUM PROGRAMME**:

*Emcees assigned will be by department from Toddlers' teachers in the first week to Intermediate teachers in the last Sunday before the Christmas party.

**OPENING PRAYER** (from the students)

**ACTION SONG** (all teachers present must participate): *God Gave Me Jesus* | *Preschool Worship Song*

**QUICK REVIEW** (3min)

**INTRODUCTION** about the EMOTIONS of CHRISTMAS

**SKIT**

**DIVISION OF CLASSES** BY DEPARTMENT

**REVIEW OF LESSON**

**MEMORY VERSE**

**SNACKS**

**POST-SESSION ACTIVITY** (c/o teachers and assistants on duty)

**CLOSING PRAYER**

**SKIT#1: (INTRO + LESSON 1) HOPE OF THE COMING MESSIAH**

**CASTS:**

1. **Personified Emotion:** the person who will do a monologue of variety of emotions during Christmas season (i.e. happy, envy, sadness, anger, hope) emphasizing HOPE
2. **Prophet Isaiah:** to speak of God's prophecy of the coming Messiah
3. **Prophet Micah:** to speak also of God's prophecy of the coming Messiah
4. **Caesar Augustus:** Roman emperor who ordered the census making the people to return to their hometowns or place of origins
5. **Personified Mind:** to discuss the clearing of difficulties

MIND: (Enters and greets the kids, introducing self) Good morning!!! Ako si ISIP. Bago tayo tumuloy sa kwento ay isaISIP muna natin ang mga salitang ito (takes the words one by one from his brain):

1. PROPHECY "HULA": mensahe ng Diyos ng mga mangyayari sa hinaharap
2. MESSIAH "MESIYAS": Hebreong salita na ang ibig sabihin ay Tagapagligtas; sa Griego naman ay Kristo
3. PROPHET "PROPETA": pinili ng Diyos na maging tagapagpadala ng Kaniyang mensahe
4. CAESAR AUGUSTUS: emperador ng Roma na nag-utos na magkaroon ng census noong panahong ipapanganak si Hesus
5. BETHLEHEM EPHRATHAH: ang lugar ng kapanganakan ng Mesiyas; ang "Ephrathah" ay ang dating pangalan ng Bethlehem
6. CENSUS: ang pagbibilang ng mga tao o grupo ng mga tao
7. IMMANUEL: ibig sabihin ay "Ang Diyos ay kasama natin"

MIND: Maraming salamat sa mga nakinig. Pinapatawag pala ako nina Kristine, Leon, Marce, Nika, at Ofel at magbi-brain storm daw kami. Paalam muna sa ngayon.

EMOTION: (Enters and greets the kids, introducing self) Good morning!!! Ako si EMOSYON. Alam niyo ba sabi ng magulang ko, mahusay daw ako umakting. Pwede raw ako sumali sa drama na parang ganito. Tignan ninyo.

(Shows variety of big flashcards with emoticons, covers his face with each one before acting them out then ask the kids what emotion was it before proceeding to the next. Does several emotions with the last one, HOPE)




EMOTION: (imitates the picture) Alam niyo ba kung anong emosyon ito? Bibigyan ko kayo ng clue: Ito ay ipinapakita ng tao na kahit masama ang nangyayari, hindi siya tuluyang pinanghihinaan ng loob. Naniniwala kasi ito na magiging mabuti lang ang lahat sa dulo.

HOPE! O Pag-asa!

(Scene will be interrupted by two prophets entering)

ISAIAH: Bayan ng Diyos! Makinig kayo!!!

EMOTION: Ay, nakakagulat ka naman! Hindi ka naman galit? Masaya ka lang?

ISAIAH: Masaya? Hindi ako si Masaya. Ako si propeta ISAIAH!

EMOTION: Isa kang propeta? Ibig sabihin, may natanggap kang mensahe mula sa Diyos at ipamamalita mo ito sa tao?

ISAIAH: May tama ka!

EMOTION: Porket taga Mandaluyong ako, may tama na ako, ganun?

ISAIAH: Bayan! Ito ang mensahe!

> *"DAHIL DITO SI YAHWEH MISMO ANG MAGBIBIGAY SA INYO NG PALATANDAAN: MAGLILIHI ANG ISANG DALAGA AT MAGSISILANG NG ISANG SANGGOL NA LALAKI AT TATAWAGIN SA PANGALANG EMMANUEL."*

EMOTION: Emmanuel? Parang kaklase ko yun sa school ah. Kayo kids, alam niyo bai big sabihin nun? (once someone answered correctly, respond) Ayun pala 'yon! Ang Diyos ay kasama natin. Ganda! (Does the HOPE emotion pose)

ISAIAH: Tama yan! Mapuno ka ng PAG-ASA sa hula na 'yon na siguradong mangyayari dahil ang Diyos ang nangako. Magaya nga rin. (Does the HOPE emotion pose too)

MICAH: Bayan ng Diyos! Makinig kayo!

(EMOTION and ISAIAH were both surprised; caught off-guard)

EMOTION & ISAIAH: Whoa!

EMOTION: Mukhang propeta ka rin ah.

ISAIAH: Ikaw si propeta Micah, tama ba?

MICAH: Ako nga si propeta Micah! Kilala kita, propeta ISAIAH. Pero ikaw (faces EMOTION)…

EMOTION: Ako si EMOSYON! (Does the HOPE emotion pose)

MICAH: Mukhang may tama ito propeta ISAIAH.

EMOTION: May tama na naman? Hindi ko alam kung maganda ba sinasabi niyo o nilalait niyo na ako e.

MICAH: Ito ang mensahe ng Diyos! Pakinggan ninyo!!!

> SINABI NI YAHWEH, "NGUNIT IKAW, BETHLEHEM EFRATA, BAGAMA'T PINAKAMALIIT KA SA MGA ANGKAN NG JUDA AY MAGMUMULA SA IYONG

ANGKAN ANG ISANG MAMUMUNO SA ISRAEL. ANG KANYANG PINAGMULAN AY BUHAT PA NOONG UNA, NOONG UNANG PANAHON PA."

EMOTION: Sa Bethlehem Efrata magmumula ang mamumuno? Ibig sabihin ang Emmanuel na tinutukoy sa sinabi mo, propeta ISAIAH ay ipapanganak sa lugar ng Bethlehem ayon sa sinabi mo naman, propeta MICAH, tama ba?

ISAIAH & MICAH: May tama ka nga!

EMOTION: Mapupuno ka talaga ng pag-asa niyan dahil sa Tagapagligtas na darating. (Does the HOPE emotion pose)

ISAIAH & MICAH: May tama nga talaga. (leave the scene)

(Emperor enters)

C.A.: Utusan! Bakit nakatunganga ka lang diyan? Sabi ko ipamalita ninyo ang iniutos ko sa lahat ng mga kinasasakupan nating mga mamamayan!

EMOTION: Okay, Sir! Ipapamalita ko na ang Mesiyas, na siyang tatawaging Emmanuel ay ipapanganak sa Bethlehem.

C.A.: Anong pinagsasasabi mo?! Anong sir? Ako ang emperador dito sa Roma, ako si Augustus Caesar! Kilala mo ba kinakausap mo?

EMOTION: Ano ba utos niyo, emperador Augustus Caesar?

C.A.: Ang utos ko, pauwiin ang mga tao sa kani-kanilang sariling pinaggalingan dahil magkakaroon ng census at nais kong itaas ang buwis sa mga mamamayan. Kaya ano pang hinihintay mo? New Year? Alis na!

EMOTION: Salbahe naman nun… Pero kahit apihin ako, may pag-asa ako sa Mesiyas. Nasaan na ba yung dalawang propeta kong kasama kanina?

(sees the tomb/graveyard of both prophets)

EMOTION: Ganun ako katagal nakapose ng PAG-ASA? Ilang daang taon na pala lumipas? Teka, kung ganun kabilis lumipas ang panahon – ibig sabihin ba natupad na ang hula? (faces the audience) Natupad na ba ang hula? (after the kids answered, jump with joy)

Woooohhh!!! Sabi na e! Mangyayari talaga. Ipananganak na ang Immanuel sa Bethlehem. Sa anong pangalan pala siya higit na nakilala? (kids answer "Jesus")

(Does the HOPE emotion pose) Ahhhh…. HESUS ang pangalan….